

ANG PAMBANSANG BUDGET NG 2016

Naipasa ng Administrasyong Aquino ang Budget sa tamang oras sa loob ng anim na taong magkakasunod.

MAHUSAY NA PAMAMAHALA

Para maisulong ang mga reporma tungo sa mas mahusay na pagkilos ng pamahalaan at makabuluhang mga resulta para sa mga tao nito

Paglaban sa Korupsyon:



Naglalayon ang Opisina ng Ombudsman na maresolba ang **20,064** na mga reklamo



Nangangako ang Sandiganbayan na isaayos ang **418** na mga kaso



Nangangako ang COMELEC na makapagsagawa ng mapayapa at tapat na eleksyon

SERBISYONG PANTAO AT PAGPAPABABA NG KAHIRAPAN

Proteksyon ng Publiko

Para maipagpatuloy ang pagbibigay ng conditional cash transfers sa mga mahihirap na mga mag-anak kapalit ng pagpapadala nila sa kanilang mga anak sa paaralan at pagsiguro na parehong ang mga ina at mga anak ay malulusog



1M

Pamilya sa 2010



4.6M

Pamilya sa 2016

Pangunaging Edukasyon

Para suportahan ang mga pangangailangan ng K-12 na Programa sa Edukasyon sa pamamagitan ng budget ng Departamento ng Edukasyon na **P436.46** na bilyon



Konstruksyon ng 43,000 na silid-aralan (23,000 ay para sa Senior High School)



Pagbibigay trabaho sa 62,320 na mga kawaning nagtuturo (kasama ang 40,320 na mga guro sa Senior High School)



Bumili ng 103.2 milyong mga teksbuk at mga materyales sa pagtuturo (68.3 milyon para sa Senior High School)

Kalusugang Pangkalahatan

Makapaglaan ng Philhealth insurance sa **15.4** na milyong mahihirap na pamilya, makapagtayo ng dekalidad na mga pasilidad na pangkalusugan, at makasuporta sa mga programang nangangalaga sa kalusugan na pangkontra sa sakit



PAGTUGON SA BANTA NG MGA KALAMIDAD

Mabigyan ang pamahalaan ng sapat na pondo upang matulungan ang mga komunidad na nasalanta ng kalamidad at masuportahan ang proaktibong paghahanda sa mga ito.

*Ang mga target ay base sa performance targets ng mga ahensya

Paggugol na Matuwid:

Saligan ng Tuloy-Tuloy na Kaunlaran


Muling binibigyang-diin ng 2016 na Budget na walang sinuman ang dapat na maiwan sa patuloy na pag-unlad ng bansa. Halos doble ng 2010 Budget, ang P3.002 trilyong budget ay naglalayong tumulong sa pagpapalago ng ekonomiya ng 7 hanggang 8 na porsyento upang mapababa ang kahirapan ng 18 hanggang 20 porsyento ng populasyon, makalikha ng mas maraming trabaho, at magsulong ng inklusibong pag-unlad.

Upang mabigyan ang lahat, lalo na ang mga mahirap, ng pagkakataong makinabang sa pag-unlad ng ekonomiya, ang Pambansang Budget para sa 2016 ay nagpopondo sa sumusunod na mahahalagang programa:*

MAS MATATAG NA KAUNLARAN AT PAGLIKHA NG TRABAHO

Umaayon sa Pag-unlad ng Imprastruktura

Para masuportahan ang katumbas ng kagastusang pang-imprastruktura sa pamantayang global na limang porsyento ng GDP— ang una sa loob ng nakaraang tatlung taon!



Mabuti para sa ekonomiya ang malaking halagang nakalaan para sa imprastruktura. Sa pamamagitan nito, maikokonekta ang mga naiwang komunidad sa mga sentro sa pag-unlad at madala ang mga tao sa mga oportunidad



Agrikultura

Para suportahan ang mga programang nagpapayaman sa ani ng palay patungo sa 4.08 toneladang metriko bawat hektarya, gaya rin ng iba pa. Gayundin, para matulungang mapataas ang kita ng mga magsasaka ng 2 hanggang 4 na porsyento mula sa P17,582 noong 2009.



Turismo

Para mapaigting ang potensyal ng sektor na makalikha ng 7.4 na milyong mga trabaho at kumita ng P2.31 trilyon mula sa mga produktong pangturismo



Produksyon

Para mag-invest sa potensyal ng libo-libong maliliit na negosyo, at mapataas ang kontribusyon ng sektor patungo sa 24 na porsyento ng GDP

MAKATARUNAN AT NAGTATAGAL NA KAPAYAPAAN

Masuportahan ang pag-unlad ng Bangsamoro at mapahusay ang kapabilidad ng mga tagapagpatupad ng batas na masiguro ang seguridad at mga pwersang pangdepensa para pangalagaan ang pambansang kalayaan.



P388.4 na milyon para sa implemantasyon ng Annex sa Pagsasanormal



P12.8 milyon para sa programang PAMANA



P25 bilyon para sa Modernisasyon ng AFP



P2 bilyon para sa Modernisasyon ng PNP



P38.9 na bilyon para sa National Disaster Risk Reduction at Management Fund



Kung saan **P18.9 bilyon** nito ay mapupunta sa Yolanda Rehabilitation at Recovery Fund

ITULOY ANG PAGGUGOL NA MATUWID!


Ang 2016 Budget ay nakadiseno para masigurong ang mga susunod na administrasyon ay magmamana ng isang proseso ng pagba-budget na nagbibigay ng direkta, agaran, at makabuluhang mga benepisyo para sa mga tao mula sa bawat pisong ginastos.

PAGASTA AYON SA KAKAYAHAN



Para mapahusay ang koleksyon ng kita sa pamamagitan ng malakihang pagbabago sa mga nakagawian sa Customs, paghahabol sa mga kontrabandista at hindi nagbabayad ng tamang buwis, at reporma sa sistema ng koleksyon ng buwis.

Koleksyon
ng Kita



Para mapanatili ang fiscal deficit sa 2% ng GDP upang mapababa ang mga pangangailangang manghiram at mabawasan ang pasanin ng pagseserbisyo sa mga utang ng bansa.


PAGPUPUNDAK SA MGA TAMANG PRAYORIDAD

Para maituon ang kaban ng bayan sa mahahalagang mga serbisyo na mag-aangat sa mga mahihirap sa kahirapan at magbibigay ng sapat na mga oportunidad sa lahat.

Porsiyentong Bahagi ng Budget para sa mga Susing Sektor (Average)




1986-1992
Corazon Aquino




1993-1998
Fidel V. Ramos



1999-2000
Joseph Estrada



2001-2010
Gloria Macapagal-Arroyo



2011-2016*
Benigno Aquino III



* Sources:
Fiscal Statistics Handbook,
Budget on Expenditures
and Sources of Financing

PAGBIBIGAY-KAPANGYARIHAN SA MGA MAMAMAYAN

Para mabigyan ng kapangyarihan ang mga mamamayan ng pagkakataong makibahagi sa pagbuo ng mga prayoridad sa budget sa pamamagitan ng Bottom-up Budgeting (BuB) at Budget Partnership Agreements.

14,324

Ang mga proyekto
sa ilalim ng BuB
na popondohan ng
2016 Budget

Note: Updated as of January 2016

Pagbibigay ng pinakamataas na prayoridad sa mga mahihirap na komunidad, na nangangahulugan ng pagbibigay ng mas malaking pondo at mga angkop na programa ayon sa pangangailangan ng 44 probinsyang may pinakamalaking bilang ng kahirapan at pinakamalapit sa kalamidad.

- Mataas na Bilang ng Kahirapan
- Malalang Kondisyon ng Kahirapan
- Malapit sa Banta ng Kalamidad
- Mataas na Bilang ng Kahirapan + May Banta ng Kalamidad
- Malalang Kondisyon ng Kahirapan + May Banta ng Kalamidad

PAGHAHATID NG MGA NASUSUKAT NA RESULTA

Para masiguro ang mabilis at mahusay na pagpapatupad ng Budget:



Pagpapadali
ng proseso sa
paglalabas ng Budget
sa mga ahensiya



Pagpapatibay
sa kakayahan ng
mga ahensiya na
makapaghatid ng
mga serbisyo



Makipagpartner sa
lokal na pamahalaan
at pribadong sektor
para maisagawa ang
mga serbisyo



Sa Performance-Informed Budgeting, malinaw na naidurugtong ang bawat gastusin sa performance target ng mga ahensiya ng pamahalaan. Sa pamamagitan nito, nabibigyang-kakayahan ang taumbayan na bantayan ang resulta ng bawat gastusin.

Para maipatupad ang karapatan ng mga mamamayan na malaman ang impormasyon sa budget.



Open Budget Index (OBI) 2015:
Ang Pilipinas ngayon ay mayroong “sapat” na impormasyon sa budget na bukas sa mamamayan, na may ranggong pang-21 sa mundo at una sa Timog-Silangang Asya.



Ang mga ahensiya ngayon ay kinakailangang mag-ulat ng kanilang mga gastusin sa kanilang mga website.



Inilathala ng Department of
Budget and Management

www.dbm.gov.ph

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa 2016 Budget, mag-email lamang sa publicinfo@dbm.gov.ph para sa libreng kopya ng 2016 People's Budget